

1 | Inako Niya ang pagdurusa at kalungkutan natin.

Ang totoo, tiniis niya ang mga sakit at mga kalungkutang dapat sana'y tayo ang dumanas. Ang akala natin ay pinarusahan siya ng Diyos dahil sa kanyang mga kasalanan. ISAIAS 53:4

Si Jesus ay dumaan sa hindi masukat na paghihirap. Sinabi sa Bibliya na **hinamak siya at itinakwil ng mga tao at dumanas siya ng mga sakit at hirap**. Dahil dito, naiintindihan ni Jesus ang mga paghihirap at pasakit natin at kaya Niya tayong bigyan ng kaginhawahan dahil pinasan na Niya ang mga ito. Ano ang sinasabi sa Mga Hebreo 4:15 tungkol kay Jesus?

.....
.....
.....
.....

2 | Sinugatan Siya para sa mga kasalanan natin.

Ang totoo, sinugatan siya dahil sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay sa atin sa magandang kalagayan. . . ISAIAS 53:5

Ang pangunahing layunin ng pagdating ni Jesus sa mundo ay ang palayain ang tao sa kasalanan. Sa halip na tumanggap ang tao ng ganap na parusa mula sa Diyos, naparito si Jesus at Siya ang tumanggap nito. Ayon sa Mga Hebreo 10:10, ilang beses kailangang isakripisyo ni Jesus ang Kanyang katawan upang linisin tayo sa mga kasalanan natin?

.....
.....
.....
.....

3 | Pinagaling Niya tayo sa pamamagitan ng Kanyang mga sugat.

. . . at dahil sa mga sugat niya ay gumaling tayo. ISAIAS 53:5

Si Jesus ay dumanas ng sakit at hirap at namatay upang ang tao ay mapalaya sa likas na kasamaan. Sa umpisa pa lamang, hindi tayo dapat mamuhay sa kasalanan kundi sa tamang relasyon sa Diyos. Paano tayo natulungan ng sakripisyo ni Jesus upang mamuhay ng tama sa piling ng Diyos? (1 Pedro 2:24)

.....
.....
.....
.....

APPLICATION

- Natanggap mo na ba si Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas mo? Gusto mo bang magsisi sa mga kasalanan mo at sumunod sa Kanya simula ngayon?
- Ang nag-iisang tamang tugon sa sakripisyo ni Jesus ay ang isuko ang lahat ng bahagi ng buhay natin sa Kanya. May bahagi ba ng buhay mo na hindi mo pa isinusuko kay Cristo? Ipagkatiwala ang bahaging ito ng buhay mo sa Kanya ngayong linggo.
- Sino sa mga nasa paligid mo ang kailangang makaalam na isinakripisyo ni Jesus ang Kanyang sarili para sa ating kaligtasan at hindi na natin ito kailangan paghirapan? Paano mo maibabahagi ang ebanghelyo sa kanya ngayong linggo?